

Matatagpuan ang teksto ng panukalang ito sa pahina 70 at sa website ng Kalihim ng Estado sa voterguide.sos.ca.gov.

- Nag-aawtorisa ng \$10 bilyon sa mga bono sa pangkalahatang obligasyon ng estado para sa pagkukumpuni, pag-upgrade, at pagtatayo ng mga pasilidad sa mga pampublikong paaralan ng K–12 (kabilang ang mga charter school) at mga kolehiyong pangkomunidad.
- Nagbibigay ng pagpopondo para sa mga bagong pasilidad, upang mapabuti ang mga kondisyong pangkalusugan at pangkaligtasan ng paaralan sa mga dati nang pasilidad, at para sa mga upgrade sa silid-aralan (halimbawa, mga silid-aralan para sa agham, engineering, transitional kindergarten, at vocational).
- Pinapalawak ang pagiging kuwalipikado para sa mga grant sa paghihirap sa pananalapi para sa maliliit at mahihirap na distrito ng paaralan.
- Nagbibigay ng mas mataas na porsyento ng mga panumbas na pondo ng estado sa mga paaralang nagpapakita ng pinakamalaking pangangailangan.
- Nag-aatas ng mga pampublikong pagdinig at audit sa pagganap.
- Naglalaan ng pera mula sa Pangkalahatang Pondo upang mabayaran ang mga bono.

BUOD NG TANTIYA NG PAMBATASANG MANUNURI SA NETONG EPEKTO SA PANANALAPI NG ESTADO AT LOKAL NA PAMAHALAAN:

- Mas mataas na gastos ng estado na humigit-kumulang \$500 milyon taun-taon sa loob ng 35 taon upang mabayaran ang bono.

Tantiya ng Gastos sa Bono ng Estado

Halagang hiniram	\$10 bilyon
Average na gastos sa pagbabayad	\$500 milyon bawat taon sa loob ng 35 taon
Pinanggalingan ng pagbabayad	Kita sa pangkalahatang buwis

**PINAL NA MGA BOTO NG LEHISLATURA SA AB 247 (PROPOSISYON 2)
(KABANATA 81, MGA BATAS NG 2024)**

Senado: Mga Oo 34 Mga Hindi 3
Asembleya Mga Oo 72 Mga Hindi 1

PAGSUSURI NG PAMBATASANG MANUNURI

PINAGMULAN

Ang California ay Maraming Pampublikong Paaralan at Kolehiyo ng Komunidad.

Sa kasalukuyan, may humigit-kumulang 10,000 pampublikong paaralan sa buong estado (kabilang ang humigit-kumulang 1,300 na charter school). Ang mga paaralang ito ay naglilingkod sa mga estudyante ng elementarya hanggang sa mataas na paaralan. Pinamamahalaan ng mga lokal na distrito ng paaralan ang karamihan ng mga pampublikong paaralang ito. Ang California ay mayroon ding

115 lokal na kolehiyo ng komunidad na nag-aalok ng mga associate degree at iba pang mga programa para sa mga nasa hustong gulang. Ang mga lokal na distrito ng kolehiyo ng komunidad ay namamahala sa mga kolehiyong ito. Ang mga distrito ng paaralan at kolehiyo ng komunidad ay karaniwang nagtatayo ng mga bagong pasilidad habang dumadami ang nagpapatalang estudyante at nangangailangan ng karagdagang espasyo. Inaayos nila ang mga kasalukuyang pasilidad kapag luma na o hindi ligtas ang mga pasilidad na iyon.

PAGSUSURI NG PAMBATASANG MANUNURI

IPINAGPAPATULUY

Karaniwang Hinahati ng Estado at mga Distrito ang mga Gastos sa Pasilidad ng Edukasyon.

Para sa mga distrito ng pampublikong paaralan, karaniwang binabayaran ng estado ang 50 porsiyento ng halaga ng mga bagong proyekto sa pagtatayo at 60 porsiyento ng halaga ng mga proyekto sa pagsasaayos. Ang mga distrito ng paaralan ay inaasahang magbabayad ng natitirang mga gastos sa proyekto gamit ang mga lokal na pondo. Ang estado ay madalas ding nakikibahagi sa gastos ng mga bagong konstruksyon at mga proyekto ng pagsasaayos kasama ang mga distrito ng kolehiyo ng komunidad. Bagaman nag-iiba ang bahagi ng gastos sa bawat proyekto, karaniwang binabayaran ng estado ang humigit-kumulang na kalahati ng gastos, habang ang natitira ay binabayaran ng mga distrito ng kolehiyo ng komunidad gamit ang mga lokal na pondo.

Pangunahing Ginagamit ng Estado ang mga Bono Upang Bayaran ang Bahagi nito sa mga Gastos.

Ang mga bono ay isang paraan ng estado upang humiram ng pera at saka babayaran ang pera na may dagdag na interes sa paglipas ng panahon. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga bono, tingnan ang “Pangkalahatang-tanaw sa Utang ng Estado sa Bono” sa bandang huli ng gabay na ito. Sa nakalipas na 20 taon, ang bulto ng pagpopondo ng pasilidad ng estado para sa mga paaralan at mga kolehiyong pangkomunidad ay nagmula sa mga bonong inaprubahan ng botante (kabuuang \$31.8 bilyon). Kamakailan, ang estado ay nagbigay ng karagdagang \$4.6 bilyon sa iba pang pondo para sa mga pasilidad ng paaralan at komunidad sa kolehiyo. Halos lahat ng pondong ito ay naigawad na para sa mga partikular na proyekto.

Ang mga Distrito ay Karaniwang Nagbabayad ng Kanilang Bahagi ng mga Gastos Gamit ang mga Lokal na Bono. Ang mga distrito ng paaralan at kolehiyo ng komunidad ay may posibilidad na magbayad ng kanilang

bahagi sa mga gastos sa proyekto gamit ang mga lokal na bono. Ang mga distrito ay dapat makakuha ng hindi bababa sa 55 porsiyento ng kanilang mga botante upang aprubahan ang pagbebenta ng mga lokal na bono. Nililimitahan ng batas ng estado ang kabuuang halaga ng mga lokal na bono na maaaring ilabas ng mga distrito ng paaralan at kolehiyo ng komunidad. Ang mga limitasyong ito ay batay sa kabuuang tinatayang halaga ng ari-arian sa loob ng distrito. Ang mga distrito ng paaralan na hindi makalikom ng hindi bababa sa \$5 milyon sa ilalim ng mga limitasyong ito ay maaaring mag-aplay para sa karagdagang pagpopondo ng estado. Sa nakalipas na 20 taon, inaprubahan ng mga botante ang \$181 bilyon sa mga lokal na bono para sa mga proyekto ng pasilidad ng pampublikong paaralan at kolehiyo sa komunidad.

MUNGKAHI

Bagong Bono para sa mga Pasilidad ng Pampublikong Paaralan at Kolehiyo ng Komunidad. Ang Proposisyon 2 ay nagpapahintulot sa estado na magbenta ng \$10 bilyong bono para sa pampublikong paaralan at mga pasilidad ng kolehiyo ng komunidad. Gaya ng ipinapakita ng Figura 1, ang \$8.5 bilyon para sa mga pampublikong

Pigura 1

Mga Paggamit ng Iminumungkahing mga Pondo ng Bono (Sa Bilyon)

Mga Pasilidad ng Pampublikong Paaralan		\$8.5
Pagbabago ng yari ng mga kasalukuyang gusali		\$4.0
Bagong pagpapatayo (kabilang ang pagbili ng lupa)		3.3
Mga pasilidad para sa mga programa sa pangkarerang teknikal na edukasyon		0.6
Mga charter na paaralan		0.6
Mga Pasilidad ng Kolehiyo ng Komunidad		\$1.5
Kabuuang		\$10.0

PAGSUSURI NG PAMBATASANG MANUNURI

IPINAGPAPATULUY

paaralan (o 85 porsiyento ng kabuuang halaga ng bono) ay hinahati sa apat na uri ng mga proyekto ng pasilidad. Para sa mga bagong konstruksyon at mga proyektong pagsasaayos, ang mga distrito ng paaralan ay mag-aaplay at tatanggap ng pagpopondo sa pangunahing batayang unang-dumating, unang-pagsisilbihan. Igagawad ng estado ang mga pondo sa edukasyong teknikal sa karera at charter na paaralan sa pamamagitan ng isang makumpitensyang proseso ng aplikasyon. Ang maliit na bahagi ng pondo para sa bagong konstruksyon at pagsasaayos ay dapat ilaan para sa maliliit na distrito ng paaralan. Hindi tulad ng para sa mga pampublikong paaralan, ang \$1.5 bilyon para sa mga kolehiyo ng komunidad (o 15 porsiyento ng kabuuang halaga ng bono) ay hindi hinahati sa isang itinakdang paraan sa iba't ibang uri ng mga proyekto. Maaaring gamitin ang mga pondo ng bono sa kolehiyo ng komunidad para sa anumang kumbinasyon ng mga bagong gusali, pagsasaayos, pagbili ng lupa, at kagamitan. Ang mga kolehiyo ng komunidad ay maghahanda ng isang plano na naglilista ng kanilang mga prioridad sa proyekto sa buong estado. Ang Gobernador at ang Lehislatura ay pipili ng mga partikular na proyektong popondohan. Ang Proposisyon 2 ay nag-aatas sa mga distrito na kumpletuhin ang ilang mga gawain upang makatulong na matiyak na ang mga pondo ng bono ay ginagastos ayon sa nilalayan.

Magagamit ang Ilang Pondo sa Pagkukumpuni para sa Ilang Uri ng Mga Proyekto ng Paaralan. Ang Proposisyon 2 ay nagpapahintulot ng hanggang \$115 milyon sa mga pondo sa pagsasaayos upang mabawasan ang antas ng tingga sa tubig sa mga pampublikong paaralan. Ang Proposisyon 2 ay nagpapahintulot din sa mga distrito ng paaralan na makatanggap ng karagdagang pondo sa pagsasaayos upang magtayo ng bagong silid-aralan o mag-ayos ng isang kasalukuyang silid-aralan na gagamitin para sa transisyonal na kindergarten. (Simula sa taong pampaaralan 2025–26, lahat ng apat na

taong gulang ay magiging karapat-dapat para sa isang taon ng transisyonal na kindergarten bago pumasok sa kindergarten.) Sa ilang mga kaso, maaari ring makatanggap ang mga distrito ng paaralan ng karagdagang pagpopondo para sa pagsasaayos upang palawakin o itayo ang isang bagong gymnasium, multipurpose room, silid aklatan, o kusina ng paaralan.

Pinapataas ang Bahagi ng Estado sa mga Gastos para sa Partikular na mga Distrito ng Paaralan. Para sa ilang mga distrito ng paaralan, pinapataas ng Proposisyon 2 ang bahagi ng estado sa mga gastos ng bagong proyektong konstruksyon mula 50 porsiyento patungo sa 55 porsiyento. Pinapataas din ng Proposisyon 2 ang bahagi ng estado sa mga gastos ng proyektong pagsasaayos mula 60 porsiyento patungo sa hanggang 65 porsiyento para sa mga distrito ng paaralan na ito. Sa pangkalahatan, ang estado ay magbabayad ng mas mataas na bahagi ng mga gastos sa proyekto para sa mga distrito ng paaralan na may mas mababang mga tinatayang halaga ng ari-arian at may mas mataas na bahagi ng kanilang mga estudyante na mababa ang kita, nag-aaral ng Ingles, o kabataang nasa foster.

Pinapayagan ang Higit Pang mga Distrito ng Paaralan na Mag-aplay para sa Karagdagang Pondo ng Estado. Pinapayagan ng Proposisyon 2 ang mga distrito ng paaralan na hindi makalikom ng hindi bababa sa \$15 milyon mula sa mga lokal na bono (mula sa \$5 milyon) na mag-aplay para sa karagdagang pagpopondo ng estado. Ang halagang ito ay tataas sa pamamagitan ng implasyon sa mga darating na taon.

MGA EPEKTO SA PANANALAPI

Tumaas na Gastos ng Estado na Humigit-kumulang \$500 Milyon Bawat Taon sa loob ng 35 Taon upang Bayaran ang Bono. Ang tinantiyang gastos sa pagbabayad ng bono ay humigit-kumulang na \$500 milyon bawat taon (taon-taon) sa loob ng 35-taong panahon.

PAGSUSURI NG PAMBATASANG MANUNURI

IPINAGPAPATULUY

Gagawin ang mga pagbabayad mula sa Pangkalahatang Pondo ng estado. (Ang Pangkalahatang Pondo ay ang account na ginagamit ng estado para bayaran ang karamihan ng mga serbisyong pampubliko, kabilang ang edukasyon, pangangalagang pangkalusugan, at mga kulungan. Mas kaunti ito kaysa kalahati ng 1 porsyento ng kita sa Pangkalahatang Pondo ng estado. Dahil kailangang magbayad ng interes ang estado sa perang hiniram nito, ang kabuuang halaga ng bono ay magiging humigit-kumulang 10 porsiyento na mas mataas (pagkatapos ng pag-aakma para sa implasyon) kaysa kung binayaran agad ng estado gamit ang perang taglay na ito.

Hindi Malinaw na Epekto sa mga Lokal na Gastos sa Buong Estado. Ang pagkakaroon ng mga pondo ng bono ng estado ay maaaring makaapekto sa mga lokal na gastos ng ilang distrito. Halimbawa, ang ilang mga distrito ay maaaring tumugon sa pamamagitan ng paghahanap ng mga bagong lokal na bono upang matulungan silang matugunan ang mga

kinakailangan sa pagtutugma ng proyekto. Ang mga distritong ito ay makakakita ng pagtaas sa kanilang mga lokal na gastos. Sa kabaligtaran, ang ibang mga distrito ay maaaring tumugon sa pamamagitan ng paghiram ng mas kaunti dahil ang mga pondo ng estado ay maaaring magbayad ng mga gastos na sa maaari namang saklawin ng mga distrito. Ang mga distritong ito ay makakakita ng pagbaba sa kanilang mga lokal na gastos. Sa pangkalahatan, ang epekto sa mga lokal na gastos sa buong estado ay hindi malinaw.

Bisitahin ang sos.ca.gov/campaign-lobbying/cal-access-resources/measure-contributions/2024-ballot-measure-contribution-totals para sa listahan ng mga komite na pangunahing binuo para suportahan o kontrahin ang panukalang ito.

Bisitahin ang fppc.ca.gov/transparency/top-contributors.html para ma-access ang nangungunang 10 tagapag-ambag sa komite.